Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

18 Agosto 2024 | Ika-20 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

Eukaristiya: Tunay na Pagkain at Inumin Tungo sa Buhay na Walang Hanggan

Pinupunan ni Hesus ang ating mga hangarin sa buhay di lamang sa kanyang mga turo kundi pati rin sa pag-aalay ng kanyang sarili sa Eukaristiya – ang kanyang Katawan at Dugo na nagtatago sa anyong Tinapay at Alak. Ipinahiwatig sa Lumang Tipan sa pamamagitan ng manna at ng tubig na nagmula sa bato sa utos ni Moises. Sa Bagong Tipan, ipinagkaloob ni Hesus ang kanyang sarili sa Huling Hapunan sa anyo ng tinapay at alak bilang pauna sa kanyang pag-aalay ng sarili sa Kalbaryo bilang kabayaran sa mga kasalanan ng sangkatauhan. Ipinagbilin din niya na gawin ang kanyang ginawa "bilang pag-alaala sa kanya" hanggang sa wakas ng panahon.

Ang Eukaristiya ay isang natatanging pagpapakilala ng dakilang pagmamahal sa atin ni Hesus na nakatuon sa ating kalusugan ng kaluluwa. Siya ang bukal ng ating karunungan at lakas. Ang Eukaristiya ay isa ring natatanging paraan para maipahayag natin ang ating pasasalamat sa kanya at sa Ama para sa mga biyayang patuloy nilang ipinagkakaloob.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Hari namin ay basbasan 'pagkat siya'y 'yong hinirang. Kahit isang araw lamang kapag nasa iyong bahay daig ang sanlibong araw.

Pagbati

P – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
B – **Amen!**
P **–**Pagpalain si Hesus, ang Pagkain ng walang hanggang buhay. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **—**Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, alalahanin natin ang ating mga pagkukulang at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at lakas. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Panginoong Hesus, ikaw ang pagkaing nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit. Patawarin mo ang kakulangan namin sa pananampalataya sa dakilang katotohanang ito. Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, ang laman mo'y tunay ngang pagkain at ang dugo mo'y tunay ngang inumin. Patawarin mo ang kakulangan ng aming pagpapahalaga sa mga dakilang kaloob na ito. Kristo, kaawaan mo kami!
B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **—**Panginoong Hesus, nangangako ka ng buhay na walang hanggan sa mga tumatanggap sa iyo. Patawarin mo ang maraming di-karapat-dapat na pangungumunyon at paglapastangan araw-araw. Panginoon, kaawaan mo kami!
B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B **– Amen!**

Papuri

B **–**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbu-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

bunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, lingid sa aming paningin ang mga inihanda mo para sa mga nagmamahal sa iyo. Padaluyin mo sa amin ang agos ng iyong pag-ibig upang sa pagmamahal namin sa iyo nang higit, makamtan namin ang iyong mga pangakong di malirip na hindi pa sumasagi sa isip namin o panaginip. Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Kaw 9:1-6***

Ang sipi ngayon na hango sa Aklat ng mga Kawikaan ay nagpapahayag ng masidhing hangad ng Diyos na makabahagi ang sangkatauhan sa Kanyang karunungan at buhay. Ang planong ito'y magkakatotoong ganap sa piging ng Eukaristiya.

L– Pagbasa mula sa Aklat ng mga Kawikaan

Gumawa na ng tirahan itong karunungan, na itinayo niya sa pitong patibayan. Nagpatay s'ya ng hayop, nagtimpla ng inumin, ang mesa ay inihanda, punung-puno ng pagkain. Katulong ay isinugo sa gitna nitong bayan, upang lahat ay abutin ng ganitong panawagan:

"Ang kulang sa kaalaman, dito ay lumapit." Sa mga walang muwang ay ganito ang sinambit: "Halikayo't inyong kainin ang pagkain ko, at tunggain ang inuming inilaan ko sa inyo. Lisanin ang kamangmangan upang kayo ay mabuhay, at ang landas ng unawa ang tahakin at daanan."

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 33***

B –Magsumikap tayong kamtin ang Panginoong butihin!

R. M. Velez



*** Panginoo'y aking laging pupurihin; sa pasasalamat di ako titigil. Aking pupurihin kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa!** ***B.***

*** Matakot sa Poon, kayo, kanyang bayan, nang makamtan ninyo ang lahat ng bagay. Kahit mga leon ay nagugutom din, sila' y nagkukulang sa hustong pagkain; ngunit ang sinumang ang Poon susundin, sa anumang bagay hindi kukulangin.** ***B.***

*** Lapit, ako'y dinggin, mga kaibigan, at kayo ngayo'y aking tuturuan na ang Diyos ay dapat nating katakutan. Ang buhay masaya at mahabang buhay, di ba ninyo gustong inyong maranasan?** ***B.***

*** Salitang mahalay at pagsisinungaling, ay dapat iwasan at h'wag banggitin. Mabuti ang gawi't masama'y layuan, pagsikapang kamtin ang kapayapaan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Ef 5:15-20***

Pinaaalalahanan tayo ni San Pablong mag-ingat sa ating asal at magpasalamat sa Ama para sa lahat. Ito ay ilan sa mga pangunahing kailangan natin para sa kapakipakinabang na pagtanggap ng Banal na Komunyon.

L– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Ingatan ninyo kung paano kayo namumuhay. Mamuhay kayong tulad ng matatalino, at di tulad ng mga mangmang. Sapagkat masama ang takbo ng daigdig, samantalahin ninyo ang bawat pakakataon na kayo'y makagawa ng mabuti. Huwag kayong mga hangal. Unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.

Huwag kayong maglalasing, sapagkat nakasisira iyan ng maayos na pamumuhay. Sa halip ay sikapin ninyong mapuspos kayo ng Espiritu Santo. Samasamang ipahayag ang inyong damdamin sa pamamagitan ng mga salmo, mga imno at mga awiting espirituwal. Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon. Lagi kayong magpasalamat sa Diyos at Ama dahil sa lahat ng bagay, sa pangalan ng ating Panginoong Hesukristo.

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Jn 6:56***

B **–Aleluya! Aleluya!**
Ang sinumang kumakain sa katawang aking hain ay nananahan sa akin.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Jn 6:51-58***

Mahirap para sa mga tagapakinig ni Hesus na tumugon sa kanyang paanyayang kainin ang kanyang laman at inumin ang kanyang dugo. Sa kabila nito, binibigyang-diin ni Hesus ang magagandang bunga ng pagtanggap sa kanyang katawan at dugo sa mga tumatanggap sa kanya nang buong pananalig.

P **–**Sumainyo ang Panginoon!
B **–At sumaiyo rin!**
P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao: "Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit. Mabubuhay magpakailanman ang sinumang kumain nito. At ang pagkaing ibibigay ko sa ikabubuhay ng sanlibutan ay ang aking laman." Dahil dito'y nagtalu-talo ang mga Hudyo. "Paanong maibibigay sa atin

ng taong ito ang kanyang laman upang kanin natin?" tanong nila.

Kaya't sinabi ni Hesus, "Tandaan ninyo: malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, hindi kayo magkakaroon ng buhay. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at muli ko siyang bubuhayin sa huling araw. Sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako sa kanya. Buhay ang Amang nagsugo sa akin, at ako'y nabubuhay dahil sa kanya. Gayon din naman, ang sinumang kumain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin. Ito ang pagkaing bumaba mula sa langit; ang kumakain nito'y mabubuhay magpakailanman. Hindi ito katulad ng kinain ng inyong mga magulang sa ilang; namatay sila bagamat kumain niyon."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya
Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Pinasisigla ng mensaheng buhat sa Salita ng Diyos, dumulog tayo sa Bukal ng lahat ng kabutihan. Idulog natin sa kanya ang ating mga pakumbabang kahilingan:

B **– Hesus, Pagkaing Nagbibigay-buhay, dinggin mo kami!**

* Para sa buong Simbahang Katolika: Nawa tuwina niyang pakaingat-ingatan ang Eukaristiya bilang Sakramento ng Katawa't Dugo ng Panginoon, ang Pagkaing Nagbibigay-buhay. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng ating mga pinunong panrelihiyon at pambayan: Nawa paglingkuran nila nang lubos ang bayan ng Diyos para sa kapakanang panlahat. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng kabataan ng ating bayan: Nawa higit nilang mapahalagahan ang Eukaristiya sa kanilang masiglang paglahok sa Misa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa nakadarama ng pagtanggi, para sa mga maysakit at mga nag-aagaw-buhay: Nawa malasap nila sa Komunyong sakramental ang bukal ng kanilang pag-asa at ang ugat ng buhay na walang hanggan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat na naririto sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayon: Nawa isabuhay natin ang diwa ng ganitong Sakramento sa pamamagitan ng tunay na pagkakawanggawa at lubos na kahandaang tumulong. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng may panunungkulang pampolitika: Nawa'y lagi silang nakatuon sa paglilingkod, at sa pagkilos para sa wastong paglaganap ng lipunan at sa kapakanang pangkalahatan, lalu na sa pangangalaga para sa mahihirap at mga nawalan ng ikabubuhay. Manalangin tayo. ***B.***

P – Panginoong Hesus, salamat sa iyong napakahalagang kaloob na Eukaristiya. Nawa'y lagi kaming mamuhay alinsunod sa mensaheng umaabot sa amin sa pamamagitan ng dakilang Sakramentong ito. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay upang maganap ang pagpapalitan ng iyong kaloob at ng aming handog sa aming paghahain na iyo na ring ibinigay para kami'y maging marapat na iyong paunlakan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo ng Huling Hapunan I

P – Sumainyo ang Panginoon!

B **– At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ang talagang dakila at lagi mong ikinalulugod na paring naghahain para sa sansinukob nitong pag-aalay na tangi mong ibinukod. Ang ipinagdiriwang sa Huling Hapuna'y paghahain niya para sa tanan upang alalahanin nami't pagsaluhan. Ang laman niya'y inihain upang lahat ay buhayin. Ang dugo niya'y dumanak nang lahat ay mapatawad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo, Pangi-**

noong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B*–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang pag-ibig na s'yang dulot ng Panginoong ating D'yos ay matatag lagi't lubos. Siya ay handang tumubos nang may kagandahang-loob.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–**Ama naming mapagmahal, sa banal na pakikinabang si Kristo ay aming pinagsaluhan. Hinihiling naming kami'y maging katulad niya sa langit pakundangan sa kanyang pagiging aming kaparis bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*–Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–**Sumainyo ang Panginoon.
***B*–At sumaiyo rin!**

***P*–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
– Nawa'y ang tinanggap ninyong Eukaristiya ay magbunga sa inyong buhay.ya ay magbunga sa inyong buhay.
***B*–Amen!**

***P*–**Nawa'y iadya kayo ng makapangyarihang Diyos sa lahat ng kapahamakan at puspusin kayo ng pawang mabubuting kaloob.
***B*–Amen!**

***P*–**Nawa'y manunton kayo sa Kanyang landas at ipagtaguyong tuwina kung ano ang tama at magaling.
***B*–Amen!**

***P*–**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*–Amen!**

***P*–**Humayo kayo sa kapayapaan at mamuhay sa pamamatnubay ng karunungan ng Diyos.
***B*–Salamat sa Diyos!**

THE ROSARY:
ROSES FOR MARY
A Coloring Book for Children

Authors:
Jess P. Balon
(Conceptualization and text)
Bede Hernani V. Cleofe
(Illustrations)
Dondy S. Daguio
(Cover Design/Coloring)

Contents:
An elementary introduction to the Rosary, suited to the level of children, with the clear purpose of teaching them not only how to pray the Rosary, but also how to reflect on the mysteries.
The main characteristics of this book are the simplicity of the language used in the narratives, as well as the simplicity of the drawings that are meant to be colored by the children.

Audience:
Children four years old and above

Technical Data:
7" x 10"; 64 pages, in book paper, B/W; cover in foldcote, full color; saddle-stitched



ANG ROSARYO:
MGA ROSAS
PARA KAY MARIA
Kukulayang Aklat Tungkol sa Rosaryo

Nagsalin: **Dr. Fe Aldave Yap**
Dibuho ng Pabalat: **Alden Sarmiento**

Tagalog version of *"The Rosary: Roses for Mary"*
Same Author, Illustrator, Content and Technical Data of the English original

HANDA, HANDAAN, TIPANAN

Kalakbay at Katoto

Tayong mga Pinoy ay mahilig sa handaan. Kapag piesta noong araw, puede makikain kahit hindi mo kilala may ari ng bahay. Kapag kasalan, buong kamag-anakan at kanayunan ay kasama sa handa.

Sa Linggong ito, nagsisimula ang ating pagninilay sa himig ng isang handaan. Tila baga isang paanyaya sa atin mula sa aklat ng Kawikaan na tayo ay dumulog sa hain. ***"Halina't kumain at uminom."*** **Iyan ang mainit na paanyaya ng tinawag na Karunungan.**

Walang tema ng handa sa ikalawang pagbasa, pero parehong karunungan ang paksa. Ang marunong ay ang taong maalam lumakad nang may kaninahunan at pag-iingat. Ang hindi marunong ay padahas-dahas at hindi rin marunong magpasalamat. **Sa ebanghelyo naman, ay bumalik tayo sa isang mahigpit na paanyaya – ang kumain ng laman ng Anak ng Tao at uminom ng kanyang dugo, upang magkamit ng buhay na walang hanggan.**

Hindi malayong ang lahat ng ito ay patungkol sa ginagawa natin sa Banal na Misa. Ang Misa ay isang handaan, at marami pang iba. Sa Misa, dapat din tayo maging handa upang harapin ang bunga ng ating ginagawa – ang pagiging marunong at maalam humarap sa mga pagsubok na dumarating sa araw-araw.

Hindi kaila sa atin na maraming pagsubok ngayon. Hindi natin alam kung paano harapin ang marami rito. Hindi natin kagyat masagot ang mga paninira ng mga taong galit sa ating pananampalataya. At sa dami ng mga tanong na hindi madaling masagot, minsan ay humihina ang ating pananampalataya.

Sa linggong ito, hindi lang tayo inaasahan upang maging handa at dumulog sa handaan. Tinatawag rin tayo sa tipanan – ang makipag kasunduan sa Diyos upang harapin natin ang panawagan Niya sa dagdag na karunungan – karunungang hindi nagmumula sa lupa, **bagkus sa itaas.**

Ang karunungang ito ay hindi ayon sa pamantayan ng mundo. Kung pamantayang makamundo ang gagamitin natin, talagang mapapamura tayo sa tinawag na katangahan ng Diyos, at sasang-ayon tayo sa kaninumang tumatawag sa Diyos bilang estupido.

Walang sapilitan sa pagdalo sa handaan. Walang hadlang upang tayo ay maging handa kailanman upang maging mas marunong. **At upang matiyak natin na tayo ay lumalago sa karunungan, halina at gamitin ang Misa bilang isang daan ng tipanan – pangako ng Diyos sa atin, at pangako rin natin sa Diyos.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua